# (( Marahila ay nagbabasa kayo sa likod ng Imam ninyo)) Nagsabi kami: Oo o Sugo ni Allah,Ang sabi niya:(( Huwag ninyo itong gawin,liban sa Pambungad ng Aklat [ Al-Fatihah] sapagkat walang [gantimpala] ang pagdarasal sa sinumang hindi magbasa nito))

Ayon kay `Ubbadah bin Samit, malugod si Allah sa kanya. Nasa likod kami ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa dasal ng Fajr,Nagbasa ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Naging mahirap sa kanya ang pagbabasa,At nang matas siya: Nagsabi siya:(((( Marahila ay nagbabasa kayo sa likod ng Imam ninyo)) Nagsabi kami: Oo o Sugo ni Allah,Ang sabi niya:(( Huwag ninyo itong gawin,liban sa Pambungad ng Aklat [ Al-Fatihah] sapagkat walang [gantimpala] ang pagdarasal sa sinumang hindi magbasa nito))

[Maganda] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Naisalaysay ito ayon kay `Ubadah bin Samit, malugod si Allah sa kanya.Nagsabi siya:Kami ay nasa likod ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa dasal ng Fajr,Nagbasa ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at naging mabigat:ibig sabihin ay:naging mahirap sa kanya ang pagbabasa,At nang matapos siya,Nagsabi siya;(( Marahil kayo ay nagbabasa sa likod ng Imam ninyo)) sinagot ito ng mga kasamahan niya- malugod si Allah sa kanila-( Nagsabi kami: Oo,O Sugo ni Allah) Para bang, Siya-sumakanya ang pangangalaga-ay naging mahirap sa kanya ang pagbabasa at hindi niya alam kung ano ang dahilan,kaya tinanong niya sila,Nagpapatunay ito sa sinabi niya sa ibang salaysay: "Ano ang nangyayari sa akin at nahihirapan sa Qur-an?)) at marahil ang ,mabigat na dahilan ay ang kakulangan sa panimula [pa lamang]sa pagiging hindi nila pagkontento sa pagbabasa niya,at sa kabuuan marahil ay naapektohan siya mga kulang [na binabasa ng] nasa likod niya.At ang Sunnah, ay pagbabasa ng Ma`mum [nagdadasal sa likod ng Imam] na palihim,na kung saan ay naririnig ng bawat isa ang sarili niya,At inoobliga ang pagbabasa ng Al-Fatihah sa pagdarasal,Sa Nag-iisa [sa nagdarasal] at sa Imam,at sa Ma`mum [nagdadasal sa likod ng Imam], Sa dasal na hinahayag [ ang pagbabasa] at Palihim [ ang pagbabasa],dahil sa pagkatumpak ng mga Katibayan na nagpapatunay sa mga ito at [pagiging] partikula nito. Pagkatapos ay nagpatnubay siya sa kanila-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-sa pagsusumikap sa pagbabasa ng Al-Fatihah,Ang sabi niya:(Huwag ninyo itong gawin maliban sa Pambungad ng Aklat [Al-Fatihah],At maaaring ang dahilan ng pagbawal ay ang paghayag [ sa pagbabasa],At maaaring ang dahilan ay ang pagdadagdag sa Al-Fatihah,at ito ay upang hindi malito ang Imam at ang mga nagdadasal.